
Kabisaan ng BaGa sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Piling Mag-Aaral sa Unang Baitang

JENNY P. EDNALINO
Pulo Elementary School
National Teachers College
jenny.ednalino@deped.gov.ph

Abstract — Ang mababang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Unang Baitang ay nananatiling hamon sa larangan ng edukasyon, lalo na sa kabila ng patuloy na pagpapatupad ng mga tradisyunal na interbensyon. Ang sitwasyong ito ang nag-udyok sa pagsasagawa ng pag-aaral upang makahanap ng mas epektibong interbensyon na makatutulong sa pagpapaunlad ng pagbasa.

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang kabisaan ng BaGa (Basa Gantimpala) bilang interbensyon sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa ng mga piling mag-aaral sa Unang Baitang, partikular sa paghahambing ng resulta ng kontrolado at eksperimental na pangkat. Gumamit ang mananaliksik ng mixed-method methodological triangulation na may kontrolado at eksperimental na pangkat. Isinagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng purposive sampling kung saan pinili ang 42 mag-aaral na may mababang marka (72–73) sa unang markahan at nakakuha ng mababang antas sa pagbasa. Isinailalim ang mga kalahok sa pre-test at post-test upang masukat ang pagbabago sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Ang eksperimental na pangkat ay ginamitan ng interbensyong BaGa habang ang kontroladong pangkat ay sumailalim sa tradisyunal na pamamaraan. Ginamitan ng mean at t-test ang estadistikal na pagsusuri upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng resulta.

Ipinakita ng resulta na walang makabuluhang pagkakaiba sa panimulang antas ng dalawang pangkat, subalit sa post-test ay mas mataas ang naging marka ng eksperimental na pangkat kaysa sa kontrolado, na nagpapakita ng makabuluhang epekto ng interbensyong BaGa.

Inirerekomenda ang patuloy at mas malawak na implementasyon ng BaGa sa iba pang baitang at konteksto upang higit pang mapatunayan ang bisa nito at mapalawak ang aplikasyon sa larangan ng edukasyon.

Bilang output, ang pag-aaral ay nakabuo ng isang sistematikong programang interbensyon (BaGa) na maaaring magsilbing gabay ng mga guro sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa. Nag-aambag ito sa umiiral na kaalaman sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa kahalagahan ng motibasyon at positibong pagpapalakas bilang estratehiya sa pagkatuto.

Mga Susing Salita: BaGa, pagbasa, interbensyon

I. INTRODUCTION

Ang pagbabasa ay nagbibigay-daan sa mga tao na matuto ng mga bagong bagay, palawakin ang kanilang mga pananaw, at galugarin ang mga bagong paksa. Ang problema sa pagbabasa ay nagdudulot ng maraming suliranin para sa mga tagapagturo sa buong mundo.

Maraming pang araw-araw na hamon ang kinakaharap ng mga paaralan, ito ay ang may masamang epekto sa pag-unlad ng kanilang mga mag-aaral. Ang mga tagapagturo at tagapamahala ay nagsisikap na mapagtagumpayan ang mga problemang ito. Anuman ang mga pamamaraan na ginagamit ng mga paaralan, ang ilang mga kadahilanan ay malamang na hindi maiiwasan. Gayunpaman, dapat gawin ng mga paaralan ang lahat ng pagsisikap upang maibsan ang mga epekto ng mga hamong ito habang pinahuhusay ng mga mag-aaral ang kanilang pag-aaral. Ang pagtuturo sa mga bata ay isang mahirap na gawain dahil napakaraming likas na hadlang sa pag-aaral. Bilang mahalagang bahagi sa tagumpay sa pagbabasa, madalas na binabalewala sa silid-aralan.

Literature Review

Binibigyang-diin ni Ilago (2023) na ang guro ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng pagpapakilala ng malawakang pagbasa at pagbibigay ng mahalagang patnubay habang komprehensibong nagbabasa ang mga mag-aaral. Ayon sa kanya, ang aktibong paggabay ng guro, kabilang ang pagmomodelo ng wastong pagbasa, pagbibigay ng agarang koreksiyon, at paggamit ng mga tanong na nagpapalalim sa pag-unawa, ay nakatutulong

upang mapahusay ang kasanayan sa pagbasa ng mga bata. Higit pa rito, pinalawak ng pag-aaral ang mungkahi ni Ilago (2023) sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mekanismong gantimpala bilang reinforcement strategy upang higit pang mapataas ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pagbasa. Dahil dito, nilalayon ng kasalukuyang pag-aaral na punan ang puwang na ito sa pamamagitan ng empirikal na pagsusuri sa kabisaan ng BaGa sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga piling mag-aaral sa Unang Baitang.

Ayon kina Balderian at Delopere (2024), ang pagbasa ay nagpapalawak ng kaalaman, nagdudulot ng iba't ibang damdamin, at nagpapahiwatig ng pananaw ng isang tao. Batay sa prinsipyong ito, ang BaGa (Basa Gantimpala) ay dinisenyo upang pumili ng mga aklat at aktibidad na angkop sa edad at interes ng mga mag-aaral, at upang palalimin ang kanilang kakayahan sa comprehension sa pamamagitan ng pagtatanong, pagbubuod, at pagbibigay ng opinyon.

II. METHODOLOGY

Upang matagunan ang mga suliranin na nakatala sa pananaliksik na ito, ang mananaliksik ay nagsagawa ng pagsisiyasat gamit ang mixed-method methodological triangulation na pananaliksik. Ayon kina Bans-Akutey at Tiimub (2021), ang methodological triangulation sa pananaliksik ay naglalayong mapatunayan ang resulta ng isang pag-aaral. Ang triangulation, minsan, ay ginagawang paggamit ng halo-halong pamamaraan upang makamit ang layunin ng pagpapatunay ng mga natuklasan sa pananaliksik.

Ang triangulation ay madalas na konektado sa pananaliksik na pinagsamang pamamaraan. Ito ay isang pagkolekta ng kuwantitatibo at kwalitatibong datos para sa mga diskarte sa pagsusuri para sa pag-aaral ng isang kaganapan. Batay sa pahayag nina Donkoh at Mensah (2023), ang metodolohiyang triangulation ay madalas na itinuturing na kumbinasyon na pamamaraan. Ginagawa nitong gamitin ang parehong kuwantitatibo at kuwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik para sa pagsisiyasat ng isang pangyayari.

Ang isang kuwantitatibong pananaliksik ay gumagamit ng numerikal na datos upang matiyak ang solusyon sa mga isyu o problema na inilahad. Ayon kay Alorro J. (2024), ang

parehong bago at pagkatapos ng pagsubok o ang paggamit ng pre-test at post-test, ang diskarte sa pananaliksik ay kinakailangang eksperimental. Ginagamit ito upang suriin ang kakayahan at pagkakaiba-iba ng mga bata. Binubuo ito ng dalawang sukatan: ang mga eksperimental na pangkat at kontroladong pangkat bilang mga kalahok sa pag-aaral; at ang pre-posttest design. Ang BaGa ang magsisilbing eksperimental upang malaman ang kabisaan nito sa pagpapatupad ng pagbibigay ng interbensyon sa pagbasa.

KASANGKAPAN NG PANANALIKSIK

Bago gumawa ng sarbey o talatanungan, kailangang tukuyin ng mananaliksik kung paano makakalap ng datos. Isa sa mga pangunahing bahagi ng pagbuo ng instrumento ay ang scaling, na tumutukoy sa pagsukat at pagbuo ng tamang pamamaraan para sa pagsusuri ng datos.

Upang mapatibay ang metodolohikal na integridad, ipinapakita sa talatanungan kung paano direktang tumutugon ang bawat item sa bawat pahayag ng suliranin. Sa ganitong paraan, malinaw na nakahanay ang instrumento sa layunin ng pag-aaral at nasisiguro ang pagiging epektibo ng datos na makakalap.

Ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay sinuri sa pag-aaral na ito gamit ang isang pagsusulit sa pagbasa. Tatlung (30) item na may kaugnayan sa pag-unawa sa pagbasa ang bumuo sa pagsusulit. Ang antas ng kakayahan sa pagbasa ng bawat kalahok ay tinukoy gamit ang pangkalahatang iskor.

Gumamit ang mananaliksik ng mga interbal ng iskor, na nagsisilbing pamantayan para sa pagtatasa ng kakayahan sa pagbasa, upang suriin ang mga natuklasan sa pagsusulit. Ang ganitong uri ng klasipikasyon ay kaayon ng pamamaraang pagsusuri batay sa datos, na nagpapadali sa mas malinaw na pagtatasa ng mga resulta.

III. RESULTS AND DISCUSSION

Ang mga nakasaad sa bahaging ito ng pag-aaral ay nagpapakita ng presentasyon, pagsusuri, at resulta ng mga sagot na nalikom sa isinagawang mga pagsusulit at pribadong panayam ng mananaliksik kaugnay ng pananaliksik na “Kabisaan ng BaGa sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Piling Mag-aaral sa Unang Baitang.”

Suliranin 1. Matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga kalahok batay sa resulta ng PRE-TEST ng BaGa ng:

1.1 kontrolado; at

1.2 eksperimental

TALAHANAYAN 1.1 ANTAS NG KASANAYAN SA PAGBASA NG KONTROLADONG PANGKAT BATAY SA RESULTA NG PRE-TEST NG BaGa

Saklaw ng Iskor	Dalas	Bahagdan	Antas ng Kasanayan
0–10	19	90.48	Nangangailangan ng Pagsasanay
11–20	2	9.52	Katamtamang Husay
Kabuuan	21	100	
Mean ± SD	6.71 ± 2.61		

Batay sa mga resulta ng BaGa pre-test, ipinapakita sa talahanayan ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng kontroladong grupo. Ayon sa datos, dalawa lamang na kalahok, o 9.52%, ang nasa antas na umuunlad, samantalang 19 kalahok, o 90.48%, ang nasa mababang antas.

Ang Talahanayan 1.1 ay nagpapakita ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng kontroladong pangkat batay sa resulta ng pre-test ng BaGa. Batay sa datos, malinaw na ang karamihan sa mga

kalahok ay nasa antas na mababa, habang iilan lamang ang nasa antas na umuunlad. Ang nabuong mean na 6.71 (SD = 2.61) ay nagpapahiwatig na ang pangkalahatang kakayahan sa pagbasa ng pangkat ay nananatiling mababa at may bahagyang pagkakaiba-iba sa iskor ng mga mag-aaral.

TALAHANAYAN 1.2. ANTAS NG KASANAYAN SA PAGBASA NG EKSPERIMENTONG PANGKAT BATAY SA RESULTA NG PRE-TEST NG BaGa

Saklaw ng Iskor	Dalas	Bahagdan	Antas ng Kasanayan
0–10	19	90.48	Nangangailangan ng Pagsasanay
11–20	2	9.52	Katamtamang Husay
Kabuuan	21	100	
Mean ± SD	6.33 ± 3.23		

Batay sa mga natuklasan mula sa pre-test, ipinapakita sa Talahanayan 1.2 ang kasanayan sa pagbasa ng mga miyembro ng eksperimental na pangkat. Ayon sa talahanayan, 19 na kalahok, o 90.48%, ay may mga iskor na nasa pagitan ng 0 at 10, na nagpapahiwatig ng mababang antas ng kasanayan. Samantala, tanging 2 lamang, o 9.52%, ang nasa antas ng pag-unlad na may iskor na 11–20.

Suliranin 2. Matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga kalahok batay sa resulta ng POST-TEST ng BaGa ng:

2.1 kontrolado; at

2.2 eksperimental

TALAHANAYAN 2.1 ANTAS NG KASANAYAN SA PAGBASA NG KONTROLADONG PANGKAT BATAY SA RESULTA NG POST-TEST NG BaGa

Saklaw ng Iskor	Dalas	Bahagdan	Antas ng Kasanayan
0–10	4	19.05	Nangangailangan ng Pagsasanay
11–20	17	80.95	Katamtamang Husay
Kabuuan	21	100	
Mean ± SD	13.76 ± 2.88		

Batay sa mga resulta ng kanilang BaGa post-test, ipinapakita sa Talahanayan 2.1 ang kasanayan sa pagbasa ng kontroladong pangkat. Sa saklaw ng iskor na 11–20, 80.95% ng 21 kalahok ay nasa Antas ng Pagpapaunlad. Sa kabilang banda, 19.05% lamang ang nasa mababang antas (0–10). Ipinapakita sa Talahanayan 2.1 na ang kontroladong pangkat ay nakapagtamo ng pangkalahatang mean na 13.76 na may standard deviation na 2.88, na nangangahulugang ang kanilang antas ng kasanayan sa pagbasa ay nasa lebel na umuunlad. Ipinahihiwatig ng resultang ito na bagaman may pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral matapos ang post-test, nananatili itong nasa katamtamang antas at hindi pa lubos na mataas. Ang relatibong mababang SD ay nagpapakita rin na ang mga kalahok ay may magkakalapit na antas ng pagganap, na nagpapahiwatig ng pagkakapare-pareho sa kanilang natamong kasanayan.

TALAHANAYAN 2.2
ANTAS NG KASANAYAN SA PAGBASA NG EKSPERIMENTONG PANGKAT BATAY SA
RESULTA NG POST-TEST NG BaGa

Saklaw ng Iskor	Dalas	Bahagdan	Antas ng Kasanayan
11–20	21	100	Katamtamang Husay
Kabuuan	21	100	
Mean ± SD	14.71 ± 2.26		

Ipinapakita sa Talahanayan 2.2 na ang kabuuang bilang ng mga kalahok sa eksperimentong pangkat ay nakapaloob sa antas na umuunlad, na may mean na 14.71 at standard deviation na 2.26. Ipinahihiwatig nito na ang karamihan sa mga mag-aaral ay nakapagtagmo ng katamtamang pag-unlad sa kanilang kasanayan sa pagbasa matapos ang interbensiyong BaGa. Ang relatibong mababang standard deviation ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng pagganap ng mga kalahok, na nangangahulugang halos magkakatulad ang antas ng kanilang natamong kasanayan.

Suliranin 3. Masuri kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pre-test ng kontrolado at eksperimental na pangkat batay sa kanilang mean na marka.

TALAHANAYAN 3. PAGHAHAMBING NG MEAN SCORE NG PRE-TEST SA KONTROLADO AT EKSPERIMENTAL NA PANGKAT

Variable	Pangkat	Mean	SD	t value	p-value	Desisyon	Remarks
Pre Test	Kontrolado	6.71	2.61	0.420	0.676	Huwag tanggihan si Ho	<i>Walang makabuluhang pagkakaiba</i>
	Eksperimental	6.33	3.23				

Sa pagsusuri ng mean score ng pre-test ng kontrolado at eksperimental na pangkat, lumabas na ang mean ng kontrolado ay 6.71 samantalang ang eksperimental ay 6.33. Bagama't may kaunting pagkakaiba sa kanilang average na marka, ang pagkalkula ng t-value (0.420) at p-value (0.676) ay nagpapakita na ang naturang diperensya ay hindi makabuluhan sa estadistika. Ang mataas na p-value, na higit sa karaniwang antas ng kahalagahan na 0.05, ay nangangahulugang ang nakitang pagkakaiba ay maaaring dulot lamang ng pagkakataon at hindi sapat upang tanggihan ang null hypothesis.

Suliranin 4. Masuri kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng post-test ng kontrolado at eksperimental na pangkat batay sa kanilang mean na marka.

TALAHANAYAN 4

PAGHAHAMBING NG MEAN SCORE NG POST-TEST SA KONTROLADO AT EKSPERIMENTAL NA PANGKAT

Variable	Pangkat	Mean	SD	t value	p-value	Desisyon	Remarks
Post Test	Kontrolado	11.24	2.41	-4.824	0.000	Tanggihan si Ho	May <i>makabuluhang</i> <i>pagkakaiba</i>
	Eksperimental	14.71	2.26				

Ang pangkat na isinailalim sa eksperimento ay may mas mataas na karaniwang marka na 14.71 kumpara sa pangkat na kontrolado, na may karaniwang marka na 11.24, ayon sa datos ng post-test. Sa antas ng kahalagahan na 0.05, ang kalkuladong t-value na -4.824 at ang p-value na 0.000 ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa estadistika sa pagitan ng dalawang pangkat. Ang $p\text{-value} = 0.000 (< 0.05)$ ay nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng kontrolado at eksperimental na pangkat sa post-test.

TALAHANAYAN 5

ANTAS NG PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL MATAPOS GAMITIN ANG PROGRAMANG BaGa

Dalas	Bahagdan	Antas
21	100.00	Umuunlad
Kabuuan	100.00	
Mean $\pm$ SD	14.71 $\pm$ 2.26	

Batay sa Talahanayan 5, makikita na lahat ng 21 na mag-aaral (100%) ay nakapaloob sa antas na Umuunlad matapos gamitin ang programang BaGa. Ang resultang ito ay nagpapakita ng

malinaw na indikasyon na ang programa ay may epektibong kontribusyon sa pagpapataas ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pagkakapareho ng antas ng pagkatuto ay higit pang pinatibay ng estadistikal na pagsusuri, kung saan ang mean na 14.71 at standard deviation na 2.26 ay nagpapakita ng mababang antas ng pagkakaiba-iba sa mga marka. Ang mababang SD ay nangangahulugang halos magkakatulad ang naging benepisyo ng programa sa lahat ng kalahok, na nagpapahiwatig ng uniform effectiveness ng interbensyon.

Suliranin 6. Malaman ang pananaw emosyonal sa BaGa batay sa perspektibo ng dalawang pangkat ng kalahok, partikular ang mga guro at mga mag-aaral.

TALAHANAYAN 6.1 PANANAW EMOSYONAL SA BaGa BATAY SA MGA GURO.

Katanungan sa Guro	Pagdulong	Pangunahing Ideya	Paliwanag/Interpretasyon
Nasisiyahan ako sa pagkakaroon ng BaGa bilang interbensyon sa pagbasa.	Oo (100% guro ng Unang Baitang)	Kasiglahan sa interbensyon	Ipinapakita ng kabuuang pagsang-ayon ng mga guro ang mataas na antas ng emosyonal na positibong pagtanggap sa BaGa. Ang resulta ay nagmumungkahi na ang mga guro ay motivated at interesado sa paggamit ng bagong pamamaraan sa pagtuturo.
Nakikita ko ang potensyal ng mga mag-aaral gamit ang BaGa.	Oo (100% guro ng Unang Baitang)	Positibong pananaw sa kapasidad ng mag-aaral	Ang unanimo na pagsang-ayon ay nagpapakita na nakikita ng mga guro ang epektibidad ng BaGa sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, na maaaring magresulta sa mas mataas na learning gain.
Nagiging hadlang ito sa pagtuturo at maaaring magdulot ng stress sa guro.	Hindi (100% guro ng Unang Baitang)	Walang negatibong epekto	Ang kabuuang pagtanggap sa pahayag ay nagpapahiwatig na ang BaGa ay hindi nagdulot ng dagdag na stress o hadlang sa pagtuturo. Pinapakita nito ang feasibility ng interbensyon sa konteksto ng pamamahala ng klase.

Sa pagsusuri ng Talahanayan 6.1 hinggil sa pananaw emosyonal ng mga guro sa paggamit ng BaGa bilang interbensyon sa pagbasa, lumitaw ang isang malinaw na pattern ng unanamong positibong pagtanggap. Ang lahat ng guro sa Unang Baitang ay nagpahayag ng kasiyahan sa pagkakaroon ng BaGa, na nagpapakita ng mataas na antas ng kasiglahan sa interbensyon. Ang ganitong resulta ay hindi lamang simpleng indikasyon ng suporta, kundi isang estadistikang ebidensya ng zero variance sa tugon, na nangangahulugang walang guro ang nagpakita ng alinlangan o pagtutol.

Sa kabuuan, ang BaGa ay nakikita ng mga guro bilang isang makabuluhang interbensyon sa pagbasa na hindi lamang nakatuon sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga bata, kundi nagbibigay din ng kasiglahan, suporta, at kaginhawaan sa mga guro. Ang positibong pananaw na ito ay nagpapakita ng kanilang kahandaan at bukas-palad na pagtanggap sa bagong pamamaraan, na may layuning mapataas ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Unang Baitang.

TALAHANAYAN 6.2 PANANAW EMOSYONAL SA BaGa BATAY SA MGA MAG-AARAL

Katanungan	Oo (%)	Hindi (%)	Pagsusuri / Interpretasyon
1. Nakikihalubilo ka ba sa ibang mag-aaral?	100%	0%	Ipinapakita na ang mga mag-aaral ay may positibong interaksyon sa kapwa, na nagtataguyod ng social engagement at collaborative learning.
2. Nakikilahok ka ba sa talakayan?	95%	5%	Nagpapahiwatig ng mataas na partisipasyon at interes sa mga aktibidad, na maaaring magpalakas ng cognitive engagement at mas mataas na learning gain.
3. Nasisiyahan ka ba sa tuwing dadalo sa interbensyon?	100%	0%	Ang mataas na kasiyahan ay nagpapakita na ang interbensyon ay epektibo sa paglikha ng positibong karanasan, na maaaring magdulot ng mas mataas na retention ng kaalaman.

4. Natatakot ka ba sa tuwing dadalo sa interbensyon?	0%	100%	Ipinapakita na komportable at ligtas ang mga mag-aaral sa interbensyon, na mahalaga para sa optimal learning.
5. May naging kaibigan ka ba sa pagdalo mo sa interbensyon?	100%	0%	Nagkakaroon ng social bonding na nakatutulong sa emosyonal na suporta at collaborative learning environment.

Ipinapakita ng Talahanayan 6.2 na ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng lubos na positibong pananaw emosyonal sa implementasyon ng programang BaGa. Ang 100% na pagsang-ayon sa pakikihalubilo sa kapwa at pagkakaroon ng kaibigan ay nagpapahiwatig na ang interbensyon ay hindi lamang nakatuon sa kognitibong aspekto ng pagbasa, kundi pati sa sosyo-emosyonal na pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang ganitong resulta ay mahalaga sapagkat ang positibong interaksyong panlipunan ay lumilikha ng sumusuportang kapaligiran sa pagkatuto na nagiging pundasyon ng mas epektibong pagkatuto.

Sa kabuuan, ang naging resulta ay makatutulong upang suriin ang epekto ng interbensyon hindi lamang sa akademikong aspeto kundi pati sa emosyonal at sosyal na aspeto ng mga mag-aaral.

Suliranin 7. Maisa-isa kung ano-ano ang mga katangian ng BaGa na makatutulong bilang mungkahing programa sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang BaGA ay may mga natatanging katangian na nagiging epektibong mungkahing programa sa pagbasa dahil pinagsasama nito ang sistematikong pagkatuto at motibasyon sa pamamagitan ng gantimpala.

TALAHANAYAN 7

KATANGIAN NG BAGA KAUGNAY SA EPEKTO NG PAGKATUTO

Makikita sa Talahanayan 7 ang ugnayan ng mga katangian ng programang BaGa at ang naging epekto nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa resulta ng post-test at estadistikal na pagsusuri. Ipinapakita ng datos na ang BaGa ay nagdulot ng positibo at makabuluhang pagbabago sa kasanayan sa pagbasa.

Katangian ng BaGa	Kwalitatibong Pagsusuri	Kuwantitatibong Resulta	Interpretasyon / Epekto sa Pagkatuto
Motibasyon sa Pagbasa	Ang gantimpala ay positibong pampasigla na nagpapataas ng interes sa pagbabasa.	Post-test mean = 14.71; 100% nasa antas na "Katamtamang Husay".	Ipinapakita na ang motibasyon ay direktang nakapagpataas ng partisipasyon at antas ng kasanayan.
Sistematikong Gabay	May malinaw na hakbang ang BaGa na nagsisilbing gabay sa unti-unting paglinang ng kasanayan.	$t = -4.824, p = 0.000$ — makabuluhang pagkakaiba.	Ang istrukturadong pamamaraan ng BaGa ay epektibo sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa.
Holistikong Pag-unlad	Nakatuon sa akademiko, emosyonal, at sosyal na aspeto ng mag-aaral.	Positibong pananaw emosyonal at aktibong partisipasyon sa klase.	Ang BaGa ay nakatutulong sa kabuuang pag-unlad ng mag-aaral.
Pagpapahalaga sa Pagsisikap	Ibinibigay ang gantimpala batay sa pagsisikap; nahuhubog ang disiplina at tiyaga.	100% ng mga mag-aaral ay nakakuha ng "Katamtamang Husay" sa learning gain.	Mas pinahahalagahan ang proseso ng pagkatuto; pantay na pag-unlad ng lahat.
Pagpapalakas ng Interaksyon	Hinihikayat ang aktibong pakikipag-ugnayan ng mag-aaral sa guro at kapwa.	Mas mataas na antas ng kolaboratibong pagkatuto at positibong emosyonal na pananaw.	Ang interaksyon ay nakapagpapalakas ng pag-unawa at pakikilahok sa pagbasa.

IV. CONCLUSION

Ang interbensyong BaGa ay isang programa na maaaring magamit ng mga guro bilang interbensyon sa pagpapabasa sa mga mag-aaral. Ito ay isang pamamaraan para mapataas pa ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Matapos gamitin ang interbensyong ito, natuklasan ng mananaliksik na;

1. Ayon sa paghahambing ng dalawang pamamaraan, ang mga kalahok na gumamit ng BaGa intervention ay may mas mataas na antas ng pagbasa kaysa sa mga gumamit ng karaniwang pamamaraan. Ang ideya ng pinagkaibang pagtuturo, na nagsasabing mas epektibo ang mga taktika na iniangkop sa indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral kaysa sa pangkalahatang pamamaraan, ay makikita sa natuklasang pagkakaibang ito.
2. Ang BaGa ay isang makabuluhang interbensyon na hindi lamang nakatuon sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Unang Baitang, kundi ito rin ay nagbibigay ng suporta sa guro, motibasyon sa bata, at pakikipag-ugnayan sa komunidad. Sa kabuuan, ito ay nagdudulot ng positibong pagbabago sa akademiko, emosyonal, at sosyal na aspeto ng mga mag-aaral, habang pinadadali ang pagtuturo ng mga guro.
3. Ang BaGa ay isang matagumpay na interbensiyon sa pagbasa na tumutulong sa pag-unlad ng mas tiwala sa sarili at mas masiglang kabataan na handang harapin ang lipunan sa pamamagitan ng sabay-sabay na pagpapabuti ng mga kakayahang akademiko, tiwala sa sarili, at interaksyon ng mag-aaral. Ang kombinasyong ito ng kahusayan sa akademiko at personal na paglago ay nagpapakita na ang matagumpay na literasiya ay isang kasangkapan para sa kapangyarihang panlipunan sa halip na simpleng kakayahang bumasa.

REFERENCES

- [1.] Alorro, J. (2024). Onlayn vs. tradisyonal na pagtataya sa Filipino ng mga piling mag-aaral sa Filipino: Tungo sa mabisang pagtatasa at propesyonal na pag-unlad. *Journal of Education and Learning Advancements*, 1(1), 55–68. <https://jelamagste.org/journalofed/index.php/jela/article/view/18>
- [2.] Balderian, A. L., & Delopere, B. S. (2024). Hamon ng mga guro sa paggamit ng Philippine Informal Reading Inventory sa Filipino. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 2(5), 2437–2467. <https://doi.org/10.5281/zenodo.11317913>
- [3.] Bans-Akutey, A., & Tiimub, B. M. (2021). *Triangulation in research*. **Academia Letters**, Article 3392. <https://doi.org/10.20935/AL3392>
- [4.] Donkoh, S., & Mensah, J. (2023). Application of triangulation in qualitative research. *Journal of Applied Biotechnology & Bioengineering*, 10(1), 6–9. <https://doi.org/10.15406/jabb.2023.10.00319>
- [5.] Ilago, M., & Tantiado, R. (2023). Pupils' reading motivation and reading literacy level. *International Journal of Research Publications*, 128. <https://doi.org/10.47119/IJRP1001281720235163>